
# Pinagsama-samang responsabilidad

Batay sa indikasyon ng lathalain 5 ng D.P.R bilang 235/07, “Kautusan ng mga mag-aaral na lalake at babae sa mataas na paaralan”, ang Institusyon ay nagmungkahi sa mga magulang, mga guro at mag-aaral na magbuo ng kundisyon na pinagkasunduang Edukasyon at pinal na binuo, detalyado at hinati ang karapatan, at tungkulin sa ulat ng institusyon pang-paaralan, mag-aaral at pamilya.

Sa unang buwan ng aktibidad ang paaralan ay puwede ng simulan ang paghahati-hati ng regulasyon ng pinagsama-samang responsibilidad.

Sa okasyon ng pagpapatala o sa pagpupulong-pulong at eleksiyon ng pagpapa-talaga ng konsehal ng klase, ay hinihiling na lumagda ang mga magulang sa pinagsama-samang responsibilidad.




**ANG MGA GURO AY MAGKAKAROON NG TUNGKULING:**

- pangalagaan ang saloobin ng mga mag-aaral para magkaroon sila ng aktibong partisipasyon at saloobin sa kanilang ginagawa;
- igalang ang panahon ng bawat mag-aaral;
- hatiin ang aktibidad sa paaralan tuwing umaga;
- ipamahagi ang gawaing pang paaralan ng tama at sa loob ng isang linggo, pati na ang ibinibigay na takdang aralin sa bahay;
- itatag sa mga mag-aaral ang patakaran ng paaralan at kinakailangang igalang sa loob at labas ng klase;
- lumalang ng tiwala, at pagbibigay halaga at pati na ang pakikipag-tulungan sa mga mag-aaral at pamilya;
- pagsang-ayon sa panahon ng pagtitipon at pakikisalamuha sa loob ng klase at pangpamunuan;
- pansang-ayon at pakikipagtulungan sa mga mag-aaral, at natatanging atensiyon sa kanyang mga kasamahang nahihirapan;
- itaguyod ang katuturan ng responsibilidad pati na sa pagbibigay ng maliit na takdang gawain o aralin para pagbutihin ang panungkulan sa organisasyon ng buhay sa klase at ng mga grupo;
- pagbibigay at pakikipagpulong sa mga pamilya sa kalagayan ng mag-aaral pagkatapos ng madaliin ang edukasyong pang-paaralan.
- pagbibigay-alam sa pamilya ng resulta ng mga pagsusubok na ibinigay;
- kilalanin ang masayang relasyon ng grupo sa klase at gumawa ng paraan para malampasan ang pagsubok na ibinibigay;
- makipagsundo sa mga magulang sa kaso na hindi puwedeng makapunta sa pagpupulong na itinakda, at magbigay ng petsa, araw na puwedeng pumunta.

**ANG MGA MAG-AARAL NA KABATAAN AY KINAKAILANGANG MAGKAROON NG TUNGKULING:**

- makibahagi sa mga aktibidad ng paaralan na may kasiyahan at tungkuling matuto at makita ang kahalagahan na ginagawa sa bawat saglit, igalang ang regulasyon, at garantiyahang pagtanggap at pagbubuo ng pakikisalamuha sa ibang tao;
- gumawa ng tamang edukasyon sa lahat lalong-lalo na sa mga matatanda at sa lahat ng kasamahan;
- Igalang ang lahat at lutasin ng positibo ang lahat ng pagsubok;
- Igalang ang kapaligiran ang mga materyal na bagay ng paaralan at iwasang gumawa ng pinsala.

**ANG MGA MAG-AARAL SA ELEMENTARYA AY KINAKAILANGANG MAGKAROON NG KATUNGKULANG:**

- igalang ang oras na itinatag ng paaralan;
- magkaroon ng tamang asal at pag-galang sa mga kasamahan pati na sa lahat ng tauhan ng paaralan;
- magdala ng mga kagamitang kailangan sa mga aktibidad sa pag-aaral. Iwasan ang mga bagay na posibleng makaabala sa mga gawain;
- isulat ng maayos ang mga ibinigay na takdang aralin;
- kilalanin ang mga regulasyon ng iba't-ibang kapaligiran (paaralan, kalsada, museo, pampublikong lugar) at magkaroon ng maayos na asal;
- igalang ang ibinigay na petsa;
- gampanan ng regular ang trabahong ibinigay sa bahay at paaralan;
- magmuni-muni sa mga maaaring mangyari sa mga punang natatanggap;
- papirmahan ang mga paunawang nakasulat;
- patayin ang mga telepono at ang mga kagamitang koryente sa oras ng aralin;
- igalang ang kapaligiran, mga muwebles at materyal na bagay sa paaralan at magbayad-pinsala sa mga pinsalang nagawa. Kahit na ang benipisyo ay para sa komunidad pang-paaralan.
- humingi ng pahintulot na lumabas tuwing oras ng aralin kapag kailangan lamang;
- tuwing oras ng pamamahinga kinakailangang gamitin ng maayos ang espasyo, huwag magtatakbuhan, huwag magtulakan at iwasan ang paghahagis ng mga bagay-bagay;
- itapon ang basura ng meryenda sa mga basurahan;
- panatilihin ang magandang asal lalo na sa oras ng pagkain;
- iwasan ang masamang pagsasalita at ang pananakit sa iba;
- pagkatapos ng leksiyon lumabas ng paaralan ng maayos na kasabay ang mga guro.

**MGA MAG-AARAL SA MATAAS NA PAARALAN "HIGH SCHOOL" AY MAGKAKAROON NG KATUNGKULANG;**

- igalang ang paraan ng pag-pasok sa paaralan na nakasulat sa regulasyon;
- patayin ang telepono at mga kagamitang kuryente sa oras ng aralin;
- sa pagpapalit ng oras hintayin ng tahimik ang pagdating ng guro na nakaupo at huwag lalabas ng silid-aralan;
- kung kinakailangang mag-palit ng silid-aralan ay sumunod ng maayos at tahimik;
- humingi ng pahintulot sa paglabas kung kinakailangan lamang. Iwasang lumabas sa una at ikaapat na oras ng leksiyon;

- sa oras ng pamamahinga kinakailangang gamitin ng maayos ang espasyo, huwag magtatakbuhan, huwag magtulakan at iwasan ang paghahagis ng mga bagay-bagay;
- itapon ang basura ng meryenda sa mga basurahan;
- pagkatapos ng pamamahinga ay magtipon.tipon para sa pagpasok sa silid-aralan;
- pagkatapos ng leksiyon lumabas ng paaralan ng maayos na kasabay ang mga guro;
- kilalanin at igalang ang regulasyon ng iba't-ibang kapaligiran (paaralan, kalsada at pampublikong lugar).
- igalang ang kapaligiran, mga muwebles at materyal na bagay sa paarlan at magbayad sa mga pinsalang nagawa kahit na ang benipisyo ay para sa komunidad pang-paaralan;
- panatilihin ang kagalang-galang at tamang asal lalo na sa mga kaklase at sa lahat ng tauhan ng paaralan;
- iwasan ang masamang pagsasalita at ang pananakit sa iba;
- kilalanin ang iyong kapasidad at limitasyon at maging gabay ito sa paglaki;
- magmuni-muni sa maaaring mangyari sa mga punang matatanggap;
- igalang ang araw at takdang petsang ibinigay;
- papirmahan ang mga paunawang naka- sulat;
- magdala ng mga kagamitang kailangan sa mga aktibidad sa pag-aaral;
- iwasan ang mga bagay na posibleng makaabala sa mga gawain;
- isulat ng maayos ang mga ibinigay na takdang-aralin;
- gampanan ng regular ang trabahong ibinigay sa bahay at paaralan.

**ANG MGA MAGULANG AY MAGKAKAROON NG TUNGKULING:**

- kilalanin ang POF ang serbisyo at regulasyon ng institusyon. Humingi ng paliwanag, maghayag ng saloobin at pag-isipan ang panuntunan ng paaralan at edukasyon;
- bantayan ang pagpasok sa oras ng mga anak sa paaralan:
- bigyan ng katuwiran ang pagliban, pagpasok ng huli at maaga batay sa ibinigay na regulasyon ng paaralan;
- suriin, basahin at lagdaan ang kuminikasyon sa personal na libro at aklat-tala arawan;
- suriin ang mga anak na may rispeto sa mga gawaing pang-paaralan;
- suriin tuwing isang buwan ang record at mga kwaderno ng mga anak;
- hayaang ang mga guro na suriin ang gawain at takdang aralin sa bahay;
- itatag ang magandang pagsasamahan sa mga guro, panatilihin ang pagtitiwalang ibinigay;
- tustusan ang mahalagang impormasyong ibinigay ng guro sa kalagayan ng anak;
- mamagitan ng mabilis at makipag-tulungan sa mga guro pag mayroong hindi magagandang gawain ang inyong anak.
- makilahok sa pagpupulong na klase pati na sa pagbibigay ng record at kard;
- makipagsundo sa mga guro kung hindi makakapunta sa pagpupulong na itinakda at magbigay ng panibagong petsa;
- iparating sa mga kabataan na ang paaralan ay pundamental, at importante ang pagbubuo ng pormal na kultura para sa kanilang hinaharap;
- tanggapin at makipagtulungan sa paaralan para sa mga aktibidad na makakatulong upang makilahok ang kumunidad ng paaralan;
- turuan ang mga kabataan na umasal ng tama sa paggalang ng kapaligiran, at ang mga kagamitan ng paaralan at magbayad sa mga pinsalang nagawa, kahit na benipisyo ay para sa komunidad pang-paaralan.

Ang magulang, matapos pag-aralan ang regulasyong pundamental ay isusulat ang pinagsama-samang responsibilidad at ang kopya ay ilalagay sa Regulasyon ng Institusyon.